Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Pagsulat ng Pandiwa

Panuto: Gamitin ang salitang-ugat sa loob ng panaklong upang gumawa ng pandiwa na bubuo sa pangungusap.

1. (*Balik*) _____ mo ang aklat na ito kay Marlon bukas.
2. (*Kita*) _____ kami ni Dennis sa *mall* kahapon.
3. Sina Martin at Mikaela ay (*aral*) _____ sa Jose Abad Santos Memorial School.
4. Sa susunod na linggo pa ako (*uwi*) _____ sa probinsiya.
5. (*Usap*) _____ na ang mga guro at mga magulang kanina.
6. Araw-araw ako (*bili*) _____ ng mga sariwang prutas sa palengke.
7. Wala si Jonas dito. Kanina pa siya (*alis*) _____.
8. Kaarawan ni Lola sa Sabado kaya (*dalaw*) _____ natin siya sa Cavite.
9. Buksan mo ang pinto dahil may (*katok*) _____.
10. Hindi mo ba (*dinig*) _____ ang boses ko?
11. Mamayang gabi pa (*dating*) _____ si Tatay dahil may gagawin pa siya sa opisina.
12. (*Galit*) _____ si Eddie sa iyo dahil kinuha mo ang *cellphone* niya na hindi nagpapaalam.
13. Anong oras ka ba (*gising*) _____ kaninang umaga?
14. (*Awit*) _____ ng mga mag-aaral ang *Lupang Hinirang* tuwing Lunes at Biyernes.
15. Si Anna ay (*punta*) _____ sa bahay ni Trisha mamaya.